

# *Modyul 11*

## *Pagsulat ng Isang Suring-Pelikula*



*Tungkol saan ang modyul na ito?*

Libangan ng tao ang panonood ng sine. Kahit hirap sa buhay ay gumagawa ng paraan para mapanood lamang ang mga hinahangaang artista.

Iba-iba ang pamantayan ng tao sa pagpili ng pelikulang panonoorin kaya naman kahit anong pelikula ay kumikita. May sarili kasi itong panghatak sa mga manonood.

Ikaw, anong pelikula ang iyong nagustuhan? Bakit? Naantig ba nito ang iyong damdamin o nadama mo ring isa ka sa artistang nagsiganap sapagkat may kaugnayan ito sa mga pangyayari sa iyong buhay?

Dumarating ang pagkakataong di tayo nagandahan sa ating napanood. Depende ito sa ating sariling pamantayan. Maaaring di ito nakatugon sa ating panlasa at ang inaasahang galing sa pag-arte ng mga artistang gumanap ay di natin nakita sa kanila. Mayroon namang simple lamang ang istorya subalit mugto ang iyong mga mata nang lumabas ka ng sine. Di mo makalimutan ang mga eksenang napanood kaya naman puro papuri ang ipinupukol mong salita sa tuwing may magtatanong sa iyo tungkol sa pelikula.



*Ano ang matututunan mo?*

Nakasusulat ng isang maayos at mabisang suring-pelikula



*Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Gabay sa pansariling pagkatuto ang modyul na ito. Gamitin mo ito bilang patnubay sa tulong ng mga tuntunin. Upang maging makabuluhan at wasto ang iyong

paggamit, kailangang maging malinaw sa iyo ang mga nararapat gawin. Sundin mo lamang ang mga sumusunod

1. Sagutin mo ang panimulang pagsubok o ang bahaging Ano na Ba Ang Alam mo? Gabay ito upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.
2. Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin mo ito sa iyong guro. Kung nagkaroon ka man ng maraming mali, huwag mag-alala. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.
3. Pag-aralan mo na ang paksang-aralin. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawain. Mababasa mo ang mga dapat gawin.
4. Tingnan mo kung naragdagan ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit o ang bahaging Gaano Ka Na Kahusay? Pagkatapos, iwasto ang iyong sagot sa tulong ng susi ng pagwawasto.
5. Gamitin mo nang wasto ang modyul. Kaibigan mo ito. Sagutan nang mabuti. Huwag mong susulatan. Gumamit ng hiwalay na papel o kaya ay notbuk.
6. Ang isang kaibigang nagmamalasakit ay dapat mong pahalagahan sapagkat mahalaga ka rin para rito.



## *Ano ba ang alam mo?*

Huwag kang matakot sa pagsusulit na ito. Layon lamang nitong masukat ang dati mo nang kaalaman tungkol sa paksa.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na?

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na pahayag upang makabuo ng paglalahad ng suring-pelikula. Bilang lamang ang isulat.

1. Isang pamahiin o may kinalaman sa paniniwala ng tao ang paksa ng pelikulang Feng Shui. Nakatuon ang istorya sa isang pamilyang naging mapalad sa kabuhayan. Si Joy Ramires sa katauhan ni Kris Aquino ay nakapulot ng bagwa na sinasabing swerte subalit kamatayan naman ang dulot sa iba sapagkat sinumang humarap sa salamin ay mamamatay at ang kamatayan ay natataon naman sa taon ng kanilang kapanganakan.

2. Marami sa atin ang patuloy na naniniwala sa mga pamahiin kaya naman hindi man lamang sumulong ang buhay. Iniaasa ang kapalaran sa mga bagay na kanilang nararanasan.

Dapat nating alalahaning panalangin at pagsisikap lamang ang kailangan upang umunlad ang ating buhay.

3. Talagang mahuhusay ang mga artistang nagsipagganap lalung-lalo na si Kris Aquino. Malalim na nga ang pagpapakita niya ng iba't ibang emosyon.
4. Akmang-akma ang mga props na ginamit pati ang mga lugar na ipinakita ay lapat na lapat sa istorya gayun din ang mga kasuotan ng mga artistang nagsiganap.
5. Nagawang mapalutang ng batikang director na si Chito Roño ang mga emosyong nararapat sa iba't ibang kalagayan. Nasuri niyang mabuti ang bawat anggulo ng mga eksena.
6. Walang maipipintas sa sinematograpiya sapagkat malinaw na naipakita ang pagdilim at pagliwanag ng mga ilaw sa iba't ibang kalagayan ayon sa hinihingi ng istorya.
7. Feng Shui

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin ang susi sa pagwawasto sa iyong guro.

Nasagot mo ba nang tama ang pagsubok? Nangangahulugan lamang na magaling kang mag-ugnay-ugnay ng mga kaisipan at sumuri ng pelikula. Mararagdagan pa ng mga sumusunod na gawain ang iyong mga kaalaman tungkol sa paksa. Kung may kamalian ka man, huwag mag-alala, matutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.

*ARALIN 1: Paggamit ng mga dati at bagong kaalaman tungkol sa mga tiyak na kaalaman sa pagsulat ng isang suring-pelikula*

***Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?***

Matapos mapag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Natutukoy ang mga tiyak na impormasyong kinakailangan sa pagsulat ng isang suring-pelikula

2. Nabibigyang-puna ang isang tiyak na modelo
3. Nakapaghahanay-hanay ng mahahalaga at magkakaugnay na impormasyon / kaisipan
4. Nagagamit nang wasto ang mga hakbang sa pagbuo ng suring-pelikula

***Anu-ano ang mga tiyak na alam mo?***

Gaano kalawak ang iyong kaalaman sa larangan ng sining? Kilala mo ba ang mga taong sumikat sa iba't ibang larangan ng sining?

Sagutin mo ang gawaing inihanda ko upang malaman ang kakayahan mo rito.

Panuto: Piliin sa Hanay B ang tinutukoy ng nasa Hanay A. Letra lamang ang isulat.

Hanay A	Hanay B
1. Marilou Diaz-Abaya	A. mang-aawit
2. Jaguar	B. director
3. Nonoy Zuñiga	C. pamagat ng pelikula
4. Gloria Romero	D. artista
5. Parokya ni Edgar	E. banda

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang susi sa pagwawasto. Hingin mo ito sa iyong guro.



*Mga Gawain sa Pagkatuto*

**1. Alamin mo ...**

Gaano na karami ang pelikulang iyong napanood? Natatandaan mo ba ang mga paksang inikutan ng istorya sa bawat pelikulang ito?

Ang mga pelikulang ating napapanood ay mga istorya o kasaysayan ng buhay. Mahalagang malaman kung ano nga ba ang iba't ibang paksa nito upang kung sa atin man mangyari ang gayong mga kuwento ay madali tayong makakapagpasya at matutulungan sa desisyong ating gagawin.

Handa ka na bang sagutin ang pagsubok na aking inihanda?

Magsimula ka na!

Panuto: Isulat ang letra ng paksang tumutugon sa sumusunod na pelikula.

- |                              |  |
|------------------------------|--|
| 1. Muro Ami                  | A. dakilang pag-ibig                               |
| 2. Dyesebel                  | B. pagpapakasakit                                  |
| 3. Mumbaki                   | C. pagtupad sa tungkulin                           |
| 4. Pasan Ko Ang Daigdig      | D. paggalang at pagsasaalang sa kapakanan ng kapwa |
| 5. Jose Rizal                | E. pangangalaga sa kalikasan                       |
| 6. Hihintayin Kita sa Langit | F. pagmamahal sa bayan                             |

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin ang susi sa pagwawasto sa iyong guro,

**Gawain 1:** Pagtukoy sa mga tiyak na impormasyong kinakailangan sa pagsulat ng isang suring-pelikula.

Bago sagutin ang gawaing inihanda ko, basahin mo muna ang panayam na aking inihanda upang magkaroon ka ng ideya kung anu-anong kaalaman o impormasyon ang kinakailangan sa pagsulat ng isang suring-pelikula.

1. Buod ng pelikula – ang kabuuang bahagi ng istorya. Piling mga eksenang magkakaugnay. Pinaikling ulat ng buong pelikula.
2. Direksyon – ang pamamaraan ng direktor kung paano niya patatakbuhin ang istorya. Sa kamay ng direktor nakasalalay ang bisa at ganda ng pelikula sa kubuan .
3. Disenyong pamproduksyon – props, kasuotan, gamit at background ng pelikula ang pinag-uusapan sa produksyong-disenyo. Dito nakikilala ang kahusayan ng desayner lalo na kung marunong siyang maghanap ng paraan upang maging tugma at akma ang lahat para sa isang pelikula. Ang kaganapan noong panahon ng digmaan ay di dapat kakitaan ng mga modernong kasuotan.
4. Sinematograpiya – ang labo at linaw ng pelikula ay nakikita sa kagalingan ng isang sinematograper. Siya ang nagbibigay ng anggulo ng mga tagpo o eksena.
5. Makatotohanang pagganap ng mga tauhan – nangangailangan ng masusing pagsusuri ang pagkilala sa mga tauhan ng pelikula. Ang pagganap ng isang artista ay kinakailangang may kaugnayan sa katauhan ng kanyang papel na ginagampanan.

6. Kaugnayan ng istorya sa kasalukuyan at aral na mapupulot mula rito. Naaangkop ba sa kasalukuyan ang istorya? Mahalaga ang paghahambing ng pelikula sa kasalukuyan upang makita ang pagkakatulad/pagkakaiba. Bawat pelikula ay may taglay na aral na nais ibahagi sa manonood.
7. Ang paglapat ng tunog – lubhang makabuluhan ang tunog sa pelikula. Isipin mo na lamang kung ang pinapanood mo ay di kailanman makakilala ng damdamin tulad ng putukan, tilaok ng manok, bagsak ng anumang bagay, at bigat ng suntukan. Pinalalagay natin na ang tunog ay akma sa bawat eksena. Di dapat nahuhuli sa kilos, galaw at maging sa damdaming nais ipakahulugan sa bawat eksena.
8. Ang paglalapat ng musika – nabubuhay ng isang musika ang eksenang malungkot, galit, takot at hinagpis. Ito ang kadalasang dahilan kung bakit naaapektuhan ang manonood ng pelikul. Nariyang paglabas ng tao mula sa sinehan ay mugto ang mata, masayang-masaya, galit na galit atbp. Ang paglalapat ng musika ay nakatutulong para lalong umangat ang bigat at gaan ng eksena.
9. Ang editing ng pelikula – sa paggawa ng pelikula, ang mga editor ang siyang nagdudugtong-dugtong ng eksena, mula sa mga negatibong nagamit sa shooting ng pelikula. Ang daloy ng palabas ay napakahalaga sapagkat dito nabubuhay ang istorya.
10. Skrinplay ng pelikula

“Para kang bukas na karinderya sa lahat ng oras sa gustong kumain.”

“Asawa ka lang, ako’y anak . . . hindi napapalitan at di nababayaran.”

“Bakit ba parang di tayo magkakilala . . . Asawa mo ako, hindi asong dadaan-daanan lamang.”

Ilan lamang ito sa magagandang dayalogo na nakaaangat sa pelikula. Kapagka mahusay ang manunulat ng iskrip, motibasyon ito upang panoorin ang isang pelikula. Gayundin naman, ang iskrinpley ay ibinabagay sa panahon at tagpuan ng pelikula.

Panuto: Isulat kung ano ang tinutukoy ng mga halimbawang inilalahad sa bawat bilang.

1. Magagaling ang artistang gumap na sina Gloria Romero, Edu Manzano, Johnny Delgado, Cherry Pie Picache, Hilda Koronel at Dina Bonnevie. Talagang di matatawaran ang husay nila sa pag-arte. Damang-dama nila ang katauhan ng kanilang ginagampanan.
2. Angkop na angkop ang mga kasuotan ng bawat tauhan sa panahon ng mga pangyayari kung kailan naganap ang istorya.

3. Mahusay na naalagaan ang kaliit-liitang detalye ng pelikula kayat madaling makilala ang obra maestrang may kalidad.
4. Akmang-akma ang dubbing ng mga artista sa diyalogong kanilang binibigkas sa bawat eksena. Hindi nahuhuli ang salita sa pagbuka ng bibig.
5. Sa mga tagpong may mangyayaring di maganda, kaagad na maririnig ang mga musikang nakapagpapataas ng damdamin tulad ng takot, pagnanasa at pakikipaglaban.
6. May mga eksenang kapag nag-uusap ang dalawang tao, lumalabo ang kamera sa kausap at lumilinaw naman sa nagsasalita.
7. “Hindi ka na sisikatan ng araw . . .”  
“Walang personalan, trabaho lang . . .”

**Gawain 2:** Pagbibigay-puna sa isang tiyak na modelo.

Panuto: Basahing mabuti ang talataan. Pagkatapos, sagutin ang mga katanungan. Letra lamang ang isulat.

### Happy Together

Mabuting pagkakaibigan ang paksa ng pelikulang Happy Together. Matalik na magkaibigan sina Lian; hiwalay sa asawa't may dalawang anak sa magkaibang lalake at Osmond na isang bakla. Ideyal ang kanilang pagkakaibigan kahit paminsan-minsa'y nagkakaroon sila ng tampuhan. Sa mga problemang pinansyal ni Osmond, si Lian ang laging tumutulong sa kanya sapagkat higit na nakaririwasa siya sa buhay. Nagkahiwalay silang magkaibigan nang magpasya si Lian na manirahan sa ibang bansa kasama ang dalawang anak.

Nang magbalik sa bansa si Lian, nalaman niyang may-sakit si Osmond. Siya ang nag-alaga sa kaibigan. Ibinuhos niya ang panahon sa pag-aasikaso sa may sakit hanggang sa ito'y mamatay. Nang tumanggap ng parangal si Lian dahil sa matagumpay nitong negosyo, si Osmond ang taong kanyang pinaghandugan ng karangalang nakamit.

Kapuri-puri ang pagganap ng mga tauhang sina Kris Aquino at Eric Quizon. Si Kris bilang mayaman ay talaga namang dalang-dala ang papel na ginagampanan. Mula sa pag-aayos, pagsasalita at pananamit, kahit di yata umarte ay iyon na talaga ang kanyang personalidad. Si Eric naman bilang bakla, kuhang-kuha ang mga kilos at pananalita ng isang tunay na bakla. Tilamsik ng mga daliri, kembot ng baywang, ekspresyon ng mukha ang agad na tatatak sa iyong isipan, siya na yata ang tunay na tauhan.

Tama lamang ang dilim at liwanag ng mga ilaw. Umayon ito sa mga eksenang kailangan nang madilim na mga tagpong malulungkot at maliwanag sa mga tagpong masasaya.

Naging matagumpay ang pagkakabuo ng pelikula sapagkat natutukan ang bawat bahagi mula sa maliliit hanggang mabibigat na eksena.

Masasabing napapanahon ang paksa ng pelikula sapagkat sa kalagayan ng buhay sa ngayon, na karamihan na yata ay nagiging materyoso, mayroon pa ring masasabing mga tunay na kaibigan, handang dumamay sa oras ng pangangailangan at mananatiling tapat hanggang sa huli. Magkaiba man ng kasarian, di hadlang upang maipakita ang wagas na pagmamahalan ng pagkakaibigan.

Panuto: Piliin ang tamang sagot. Letra lamang ang isulat.

1. Matapos mabasa ang kuwento, nakadama ka ng
  - a. pagkaawa
  - b. paghanga
  - c. pagkainggit
  - d. pag-iimbot
2. Nangyayari sa totoong buhay ang naganap sa pelikula samakatuwid, ito ay masasabing
  - a. talambuhay
  - b. replika
  - c. kathang-buhay
  - d. makatotohanan
3. Naging malinaw ang paghahatid ng mensahe ng pelikula dahil sa
  - a. maigsing pagpapaliwanag ng mga detalye
  - b. maayos na pagkakasunud-sunod ng mga kaisipan
  - c. detalyado ang mga pangyayari
  - d. mahabang pagpapaliwanag ng mg konsepto
4. Sa kabuuan, ang mensahe ng pelikula ay tungkol sa
  - a. pagpapakasakit sa kapwa
  - b. pagtulong sa iba
  - c. pagiging tapat na kaibigan
  - d. pagsasaalang-alang sa kapakanan ng iba
5. Kung ibubuod ang ika-2 talata, ang pinakamalapit ay
  - a. Inalagaan ni Lian si Osmond nang magkasakit ang kaibigan. Inihandog niya ang karangalang natanggap sa alaala ng yumaong si Osmond.
  - b. Nagbalik si Lian sa Pilipinas upang alagaan ang may-sakit na kaibigan. Hindi niya ito iniwan hanggang sa mamatay. Inihandog niya ang karangalang nakamit sa kaibigan upang maipakita ag taos-puso niyang pagmamahal.
  - c. Bumalik sa Pilipinas si Lian. Sa habag sa kaibigang may-sakit na si Osmond, hindi niya ito iniwan. Namatay si Osmond na maligaya. At



nang tumanggap ng karangalan si Lian, inihandog niya ito sa kaibigang si Osmond.

- d. Namatay si Osmond kaya nang parangalan si Lian, ang parangal ay inihandog niya sa kaibigang si Osmond.

6. Batay sa pagkakabuod ng istorya, masasabing ang manonood ng pelikulang Happy Together ay
  - a. mamamangha
  - b. matutulala
  - c. masisiyahan
  - d. malilinawan

**Gawain 3:** Paghahanay ng mahahalaga at magkakaugnay na impormasyon/kaisipan

Masasabing maayos at mabisa ang isang talataan kung ang bawat kaisipan/impormasyon ay magkakaugnay. Madali itong mauunawaan at nag-iiwan ng kakintalan sa isipan ng mambabasa.

Alam mo bang mag-ugnay-ugnay ng mga impormasyon / kaisipan?

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na talata upang makabuo ng isang mabisang talataan. Bilang lamang ang isulat.

1. Magagaling ang artistag gumanap na sina Gloria Romero, Edu Manzano, Johnny Delgado, Cherry Pie Picache, Hilda Koronel at Dina Bonnevie. Talagang di-matatawaran ang husay nila sa pag-arte.
2. Suliraning pampamilya ang paksa ng pelikulang Tanging Yaman. Hindi magkakasundo ang mga anak kaya't gumawa ng paraan ang ina kung paanong muling mapagbubuklod-buklod ang mga anak.
3. Hindi lamang husay ng artista ang mapapansin sa pelikulang ito. Hahangaan mo rin ang kasuotan ng mga tauhan sa iba't ibang eksenang ipinakita gayundin ang mga lugar at mga gamit na sinauna.
4. Hindi dapat palampasin ang ganitong uri ng pelikula. Tiyak na masisiyahan ang sinumang manonood sapagkat ito'y produkto ng isang pambihirang sining.
5. Mababagbag naman ang iyong kalooban sa iba't ibang emosyong hinihingi ng eksena. Sadyang magaling ang direktor sapagkat naisaayos niyang lahat, mula sa mga artista, praps, pook, ilaw hanggang sa mga makahayop at mapanumbat na mga pahayag.

**Gawain 4:** Paggamit nang wasto ng mga hakbang sa pagbubuo ng suring-pelikula.

Sa pagbuo ng talataan, may mga bahagi o hakbanging sinusunod upang maging mabisa ang kabuuan nito. Maaaring sundin ang anumang istilong nais subalit sa pagkakataong ito, mahalagang isaalang-alang ang pagkakasunud-sunod ng mga talata upang magkaroon ng isang padron.

Narito ang mga sumusunod na hakbagin:

1. Isulat ang pamagat ng pelikulang susuriin.
2. Simulan ang talata sa paglalahad ng paksa at buod ng pelikula.
3. Sa ikalawang talata isusulat ang mga papuri/puna sa tauhang nagsiganap.
4. Sa ikatlong talata ilalahad ang puna tungkol sa direksyon/direktor ng nasabing pelikula.
5. Sa ikaapat na talata naman ang sinematograpiya at musika.
6. Sa ikalimang talata isusulat ang kaugnayan ng pelikula sa kasalukuyan at aral na mapupulot mula rito.

Naging madali ba sa iyo ang pag-unawa sa mga hakbanging dapat isaalang-alang sa pagsulat ng suring-pelikula?

Madali lang hindi ba?

Ngayon, sagutin mo ang gawaing inihanda ko.

Panuto: Isulat kung sang bahagi ng hakbangin tumutugon ang mga sumusunod na talata. Bilang lamang ang isulat.

1. Dekada 70
2. Nararapat lamang na panoorin ang ganitong uri ng pelikula. Prinsipyo at paninindigan ang ipinaglaban nito. Dumaan man ang ilang dekada, mananatili itong ipinaglalaman ng ating mga kababayan.
3. Talagang mahusay na direktor, si Marilou Diaz-Abaya. Naging maganda at makatotohanan ang kabuuan ng pelikula. Nagawa niyang pakilusin ang mga artista ayon sa hinihingi ng papel na kanilang ginagampanan.
4. Kapuri-puri sina Vilma Santos, Christopher de Leon lalung-lalo na si Piolo Pascual. Bagamat di pa siya batikang aktor ay mahusay niyang nagampanan ang kayang papel. Talagang maaawa ka sa kanya nang ilatag ang kanyang hubad na katawan sa bloke ng yelo at kuryentehen ang maselang bahagi ng katawan.

5. Angkop na angkop ang kulay sa kapaligirang kinunan ng kamera. Mabisang nagamit ang mga tagpong walang kulay na nagpapahayag ng mga paalala sa nakaraan. Nakatulong din ang musika sa malulungkot na eksena na lalong nagpakirod sa dibdib ng mga maemosyong tagpo.

## 2. Lagumin mo . . .

Panuto: Isulat kung ano ang tinutukoy ng mga sumusunod na pahayag sa bawat bilang. Letra lamang ang isulat.

1. Sa kanya nakasalalay ang kabuuan ng pelikula. Siya ang nakaaalam kung paano patatakbuin ang istorya at pakikilusin ang mga artista.
  - a. prodyuser
  - b. manunulat
  - c. artista
  - d. direktor
2. Tawag sa mga kagamitan, kasuotan at background ng pelikula
  - a. desenyong pamproduksyon
  - b. editing
  - c. props
  - d. iskrip
3. Binubuhay nito ang eksenang malulungkot at masasaya. Ito ang dahilan kung bakit naaapektuhan ang manonood ng pelikula
  - a. musika
  - b. tunog
  - c. diyalogo
  - d. tono
4. Karaniwan nang naaapektuhan ng mga pandramang pelikula ang bisang
  - a. pangkaisipan
  - b. pandamdamin
  - c. pangkaasalan
  - d. pangangatwiran
5. Masasabing mabisa ang isang pelikula kung
  - a. natuwa ang mga manonood
  - b. naantig ang damdamin ng mga manonood
  - c. maganda ang istorya ng pelikula
  - d. malinaw na naipahatid ang mesaheng nais sabihin
6. Maganda ang mga pelikulang nagtatampok sa magagandang tanawin at kultura ng ating bansa. Alin sa mga sumusunod ang may kaugnayan sa pahayag na binaggit?
  - a. Hindi mauubusan ng paksa ang mga manunulat
  - b. Higit itong nauunawaan ng manonood
  - c. Napupukaw nito ang damdaming makabayan ng manonood
  - d. Ibang-iba ang ating kultura

7. Nilalayon ng pelikulang ipabatid sa mamamayan ang kahalagahan ng pagkakaisa. Ang pahayag na maaaring idugtong dito ay
  - a. upang matuto silang makibagay sa isa't isa
  - b. at pagtutulungan sa pagtatamo ng minimithing tagumpay
  - c. sapagkat wala nang inisip ang tao kundi ang kapakinabangang pansarili
  - d. dahil sa napag-iiwanan na ang bansa sa di-pagkakasundu-sundo
  
8. Ang unang dapat isulat sa suring-pelikula ay
 

a. may-akda	c. pamagat
b. prodyuser	d. artista
  
9. Pagkatapos banggitin ang paksa, dapat na isunod ang pagsulat ng
 

a. kaisipan	c. layunin
b. buod	d. dahilan
  
10. Ang huling talata sa suring-pelikula ay tungkol sa
 

a. aral / mensahe	c. kongklusyon
b. paglalagom	d. paglalahat

### 3. Subukin mo . . .

Panuto: Isulat kung ano ang tinutukoy ng mga sumusunod na pahayag

1. Ang sinasabing pinakamaigting na bahagi ng istorya
2. Ang paglalaban / pagtatagisan ng bida at kontrabida
3. Ang pinakahuling bahagi ng kuwento sa bahaging ito'y nasolusyunan na ang mga problema
4. Tawag sa pinagganapan ng kuwento
5. Ang iniinugan ng istorya. Sa pamamagitan nito'y nagkakaroon ng ideya ang manonood kung paano tatakbo ang mga kaganapan.

### 4. Paunlarin mo . . .

Kung ang iskor na iyong nakuha ay walo (8) maaari ka nang magsimula sa Aralin 2, subalit kung mababa rito ang iyong iskor, kailangan mo munang sagutin ang gawaing inihanda ko bago mo pag-aralan ang susunod na aralin.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na!

Panuto: Pagsunud-sunurin ang mga pahayag upang makabuo ng isang talata. Bilang lamang ang isulat.

1. Isang gurong nagpakasakit hindi lamang sa mga batang kanyang tinuturuan
2. Sapagkat di siya naghangad ng anumang yaman sa buhay

3. Si Mila ang larawan ng taong dakila
4. Kundi maging sa mga taong nangangailangan ng kanyang tulong
5. Hindi niya inisip ang sariling kapakanan

## *ARALIN 2: Pagsulat ng isang suring-pelikula*

### ***Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?***

1. Naisasagawa ang pagsulat ng isang suring-pelikula sa tulong ng kaalaman sa wastong nilalaman
2. Natutukoy at nagagamit ang kaalamang gramatikal sa wastong baybay at pagbuo ng mabisang pangungusap
3. Nahahango ang mahahalagang impromasyon sa pelikulang binasa
4. Nakasusulat ng isang maayos at mabisang suring-pelikula

### ***Anu-ano ang mga tiyak na alam mo?***

Panuto: Hanapin sa Hanay B ang katugmang pahayag ng nasa Hanay A.

- | Hanay A  | Hanay B  |
|--|--|
| 1. Sa mga pelikula mababakas ang iba't ibang kuwento | A. at di-naging kainip-inip bawat eksena                         |
| 2. Umaani ng papuri ang ating pelikula               | B. Na mapasiglang muli ang pagpo-prodyus ng magagandang pelikula |
| 3. Nagsisikap ang industriya ng pelikula             | C. Ng tunay na larawan ng buhay                                  |
| 4. Simple lamang ang istorya                         | D. Sa tuwing inilalaban ito sa ibang                             |

ng pelikula

bansa

5. Magagaling ang mga artistang nagsiganap

E. Subalit masasabing naging maganda ang pagkakabuo nito



## *Mga Gawain sa Pagkatuto*


### 1. Alamin Mo . . .

Madalas ka bang manood ng sine? Sa tuwing may ipalalabas na bagong pelikula, lagi nang laman ng telebisyon at pahayagan ang pagpapatalastas nito upang maganyak ang mga taong panoorin ang nasabing pelikula.

Alam mo bang may mahahalagang bagay / tao na di dapat kalimutan sa pagbuo ng pelikula?

Sagutin mo ang pagsubok na inihanda ko upang malaman mo kung ano ang aking tinutukoy.

Panuto: Isulat sa loob ng kahon ang mga bagay o taong dapat isaalang-alang sa pagbuo ng pelikula. Piliin sa ibaba ang tamang sagot.



1. lugar
2. sumulat ng iskrip
3. manonood
4. artistang magsisiganap
5. ekstra
6. pamagat ng pelikula
7. prodyuser
8. direktor

**Gawain 1.** Pagsulat ng isang suring-pelikula sa tulong ng kaalaman sa wastong nilalaman.

Panuto: Punan ng wastong pahayag na makikita sa ibaba ang bawat patlang sa talata upang makabuo ng mensaheng nais nitong ipahayag.  
Isulat ang buong pahayag.

### Anak

Relasyong anak at magulang ang paksa ng pelikula. Sa kagustuhang matustusan ang pangangailangan ng pamilya ay napilitang mangibang bansa si Vilma. Si Claudine na siyang panganay na anak ay lumaking malayo ang loob sa ina at natutong magrebelde. Sa pagsisikap na maipadama ang pagmamahal sa mga anak ay muling nabuo ang masayang pamilya.

(1) \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Si Vilma na isang magaling na aktres ay talagang magaling at angkop na angkop sa papel ng pagiging isang ina.

(2) \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Sapat ang liwanag na ginamit.

(3) \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Napalutang nang husto ang galit at panunumbat sa pagitan ng mag-ina nang sunduin at piliting umuwi ni Vilma si Claudine.

(4) \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Maraming anak ang nagrerebelde dahil di maunawaan ang kabagayan sa buhay (5) \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

---

---

Pagpipilian:

Pagsunod at paggalang sa magulang ang mensaheng nais ipabatid ng pelikula.

Sa pook ng iskwater kung saan tumuloy si Claudine ay ginamitan ng medyo may kadiliman sapagkat hinihingi ng eksena.  
Kaya naman maraming kabataan ang napapahamak.

Sinikap ni Laurice Guillen na mapaganda ang pelikula. Kitang-kita ang makinis na pagkakabuo ng bawat eksena.

Mahusay na nagampanan ni Claudine ang pagiging rebeldeng anak. Ang poot at galit na nararamdaman ay talagang damang-dama ng manonood.

Sa tulong ng musika ay talagang matatangay ka ng bawat mabibigat na eksena.

**Gawain 2:** Pagtukoy at paggamit ng kaalamang gramatikal.

Bago mo sagutin ang gawaing inihanda ko ay nais ko munang basahin ang mga kaalamang aking ilalahad upang higit na maging malinaw sa iyo ang pagtalakay sa araling pag-aaralan.

Handa ka na ba?

1. Kapag may pag-uulit ng panlapi sa salita, ang inuulit ay ang unang pantig ng salitang-ugat at hindi ang panlapi.

Halimbawa:

linaw – paglilinaw  
galit - pagagalitan  
alis - pinaalis

2. Gamit ng “nang” at “ng”

Ang nang ay ginagamit sa mga pagkakataong

- a. may katumbas ba Ingles na “when” o kailan

Halimbawa:

Nang ako’y dumating, nagsilapit silang lahat sa akin.

- b. may pag-uulit ang pandiwa

Halimbawa:

Sumasayaw nang sumasayaw

- c. ginagamit bilang pang-abay

Halimbawa:

Umalis nang maaga



Ang ng ay ginagamit

a. bilang pang-ukol

Halimbawa:

kumuha ng tinapay

b. kung ang sinusundang salita ay pangngalan, pang-uri, pandiwa

3. Wastong gamit ng daw-raw, din at rin.

a. Ginagamit ang daw at din kung ang sinusundang salita ay nagtatapos sa katinig

Halimbawa:

Makinig da kayo sa sinasabi ng panauhin.

Aalis din sila agad pagkatapos ng pagtatanghal.

b. Ginagamit ang raw at rin kung ang sinusundang salita ay nagtatapos sa patinig o malapatinig na “w” at “y”

Halimbawa:

Maganda raw ang napanood niyang pelikula.

Sasama rin siya sa atin.

4. Gamit ng gitling

a. Ginagamit ang gitling sa mga salitang inuulit

Halimbawa:

araw-araw

magandang-maganda

b. Ginagamit ang gitling kapag may kataga o salitang nawawala sa 2 salitang pinagsasama

Halimbawa:

pagsusuri ng pelikula – suring - pelikula

bahay na kubo - bahay – kubo

5. Gamit ng pang-angkop na na at ng

a. Kapag ang salitang inaangkupan ay nagtatapos sa patinig, ginagamit ang pang-angkop na “ng”.

Halimbawa:

bayan na malaya – bayang malaya

sisi ng alipin

b. Kapag ang salitang inaangkupan ay nagtatapos sa katinig, ginagamit ang pang-angkop na “na”

Halimbawa:

batis na malinis

sining na maipagmamalaki

A. Wastong baybay ng salita

Panuto: Piliin at isulat ang wastong sagot.

1. (Pinapaganda, Pinagaganda) niya nang husto ang kabuuan ng pelikula.
2. (Palulutanging, Papalutangin) ng mga artistang magsisiganap ang iba't ibang emosyong hinihingi sa eksena.
3. Pinanood (ng, nang) napakaraming tao ang unang pelikula ni Brad Pitt.
4. Nagpalakpakan (ng, nang) malakas ang mga manonood nang magharap ang magkalaban.
5. Gagawa (raw, daw) ng makabayang pelikula ang mga prodyuser ng bansa.
6. Sila (rin, din) ay nangakong makikipagtulungan sa pag-aangat ng industriya ng pelikulang Pilipino.
7. (Sari-sari, Sarisari) ang paksa ng mga pelikulang kalahok sa Metro Manila Film Festival.
8. (Bigay todo, Bigay-todo) ang kanilang pakikiisa sa paglaban sa pagpipirata ng mga pelikula.
9. Sinuri (na, ng) mabuti ng director ang bawat anggulo ng matitinding eksena.
10. Ipinangako niya (na, ng) di-natin panghihinayangan ang ibinayad sa sinehan.

B. Pagbuo ng mabisang pangungusap.

Panuto: Isaayos ang mga salita / pariralang nakasulat sa bawat bilang upang makabuo ng isang mabisang pangungusap.

1. Nagbibigay ng aral sa buhay ang bawat pelikula
  - a. sa pagharap at paglutas
  - b. suliranin
  - c. na magagamit
  - d. sa iba't ibang
2. Ang pagluha ng artista sa isang eksena\
  - a. na nga siyang
  - b. ay di-nangangahulugang
  - c. artista
  - d. magaling
3. Kailangang mapalutang niya
  - a. nararapat
  - b. ayon sa
  - c. hinihingi ng istorya
  - d. ang emosyong
4. Higit na mahirap ang pagpapatawa kaysa magpaiyak
  - a. sapagkat kailangang
  - b. ang kiliti
  - c. ng manonood
  - d. hanapin mo
5. Ang buhay ay isang dula. Tayo ang
  - a. tauhang gumaganap
  - b. ng tanghalan
  - c. sa iba't ibang papel
  - d. sa ibabaw

**Gawain 3.** Paghango ng mahahalagang impormasyon sa pelikulang binasa.

## Mumbaki

Buong ningning na naipakita sa pelikula ang kagandahang taglay ng mga katutubong ritwal ng mga Ifugao. Ang mga ritwal na kanilang isinasagawa upang makipag-usap sa kanilang mga ninuno at anito ay animo mga buhay na larawang naikulong sa malaking telon. Ang pelikula sa biglang tingin ay tila isang paglalahad ng paghihiganti subalit sa isang masusing pagtingin ay makikita ang pusong may taglay na pakikipagkapatiran. Bagamat nagawan ng kalapastanganan ay patuloy pa ring tinulungan ni Joseph ang kanyang mga kalaban. Naipakita ito nang sunduin ng mga kaaway si Joseph upang gamutin ang kanilang mga kababayang biktima ng isang epidemya. Naipakita rin ito nang bigyan ni Joseph ng mga gamot ang kanyang kaibigang duktor upang gamutin sa pagsugpo sa epidemyang kumakalat sa tribung pumatay sa kanyang ama at kapatid.

Malakas ang nais sabihin ng pelikula tungkol sa pakikipagkapwa. Ang tungkuling sinumpaang isang tao, partikular ng isang duktor, ay di-dapat matalo ng mga pansariling kagustuhan.

Mahusay ang pagkakaganap ng bawat artista sa pelikula. Magkagayon man, lutang na lutang ang kahusayan ni Joel Torre bilang isang duktor na dumanas ng malaking kabiguan dala ng kawalan ng suporta ng pamahalaan. Bagamat kakaunti lamang ang kanyang eksena, nagpakita rin ng kahusayan sa pagganap bilang dalagang katutubo si Angel Aquino. Konsistent din ang ipinakitang pagganap ni Raymart Santiago bilang isang duktor na nalito sa pagitan ng katapatan sa kanyang lahi at sa kanyang propesyon.

Magaling ang pagkakasulat ng iskrip. Lutang na lutang ang mga pagpapatotoong may kinalaman sa matatandang kaugalian ng ating mga kapatid sa kabundukan. Ang kasaysayang inilahad ng malalim na pananaliksik at pag-iisip.

Buhay na buhay ang pelikula. Wala ang mahahabang dayalog na animo'y nangangaral. Maraming eksenang buhay na buhay na naipakita partikular yaong tagpo sa patay. Tunay na nakatulong nang malaki ang lamyos ng musika upang maging madula ang bawat tagpo. Ang kulay ay angkop na angkop sa kapaligirang kinunan ng kamera upang maipakita sa telon bagama't hindi rin maiwasan ang pagkakaroon ng larawang kulang sa ilaw.

Sa kabuuan, ang pelikulang Mumbaki ay isang napakagandang pelikula. Sa pamamagitan ng pelikulang ito ay lalo lamang nating hahangaan ang ating mga ninuno na may sariling kakanyahan bilang isang lahi.

Hango sa “komposiyon...  
Sumulat ka” ni:  
Arturo S. Cabuhat

1. Ang paksa ng pelikulang Mumbaki ay

- a. katutubong ritwal ng mga Ifugao
  - b. pakikipag-usap sa mga ninuno at anito
  - c. kagandahang taglay ng mga Ifugao
  - d. paghihiganti sa kalabang tribu
2. “Bagama’t nagawan ng kalapastanganan ay patuloy pa ring tinulungan ni Joseph ang kanyang mga kalaban.” Ang pahayag ay nagpapatunay na si Joseph ay
- a. di-mapagtanim sa kapwa
  - b. walang kinatatakutan
  - c. maaasahan sa gawain
  - d. takot sa kalaban
3. Ang ikatlong talata ay nagsasaad ng
- a. pagpaparangal sa mga artista
  - b. pagpuri sa mga artistang nagsiganap
  - c. paglalahad ng papel ng tauhan
  - d. paglalarawan sa mga artista
4. Ang ikalawang pangungusap sa ikalimang talata ay tungkol sa
- a. direksyon
  - b. sinematograpiya
  - c. editing
  - d. tunog
5. Ang huling pangungusap sa ikalimang talata ay tungkol sa
- a. paglalagay ng tunog
  - b. paglalapat ng musika
  - c. desenyong pamproduksyon
  - d. sinematograpiya
6. Ang huling talata ay nagpapahayag ng
- a. paglalahat
  - b. kongklusyon
  - c. pagbubuod
  - d. hinuha
7. Ang mga salitang “malakas, mahusay, magaling , buhay na buhay” na ginamit sa pagsusuri ng pelikula ay masasabing
- a. walang katiyakan
  - b. ekspresyon
  - c. positibo
  - d. payak

**Gawain 4:** Pagsulat ng isang maayos at mabisang suring-pelikula

Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na talata upang makabuo ng isang mabisang suring-pelikula. Isaalang-alang ang mga hakbanging dapat sundin. Isulat ang buong talataan.

Sa direksyon ni Eddie Garcia, naging napakaganda ng kabuuan ng pelikula. Sinuring mabuti ang bawat kilos at pinag-aralan ang bawat anggulo kaya naman naging masinop ang pagkakaugnay-ugnay ng mga pangyayari.

Napapanahon ang pelikulang Abakada Ina. Maraming di-nakapag-aral at tumigil na sa pangarap na mabago at umunlad ang buhay. Sa pamamagitan ng pelikula ay tiyak na maraming nagising sa katotohanang sadyang mahalaga ang edukasyon.

### Abakada Ina

Tama lamang ang kulay na ginamit. Natural na natural ang dating. Hindi maputla at di naman napakatingkad ng kulay.

Nagampanan nang buong husay ni Lorna Tolentino ang papel na kanyang ginagampanan. Lutang na lutang ang galing ng kanyang pag-arte. Kawalang-muwang, pagmamahal sa mga anak, pag-aasikaso sa pamilya, pakikipagkaibigan . . . iba't ibang emosyong matapat n'yang nailarawan. Hindi rin pahuhuli si Ricky Davao sa pag-arte. Talagang kaiinisan mo ang kanyang karakter bilang isang asawang laging nakasandal sa ina.

Itinatampok ng pelikulang ito ang isang inang lumaki at nagkaasawa nang di-marunong sumulat at bumasa subalit may sariling prinsipyo't paninindigan. Larawan siya ng isang taong masikap at may ambisyon sa buhay sa kabila ng kanyang kalagayan. Nagsikap siya upang matuto sa pamamagitan ng pagbabasa ng aklat at nang lumaon ay pumasok sa paaralan kasama ang anak na nag-aaral sa unang baitang. Dito niya natamo ang paghanga at pagdakila ng mga taong dati'y humahamak sa kanya.

## 2. Lagumin mo . . .

A. Panuto: Isaayos ang mga sumusunod na impormasyon upang makabuo ng isang suring-pelikula. Isulat ang buong talataan.

Bago ka sumulat, isaalang-alang mo ang mga panuntunang dapat sundin.

1. Sumulat nang dikit-dikit.
  2. Gamitan ng wastong bantas ang mga pangungusap
  3. Isulat sa bagong talata ang bagong kaisipan
  4. Sumulat nang maayos at malinis
- 
1. Hindi maiiwasan ang pagtatampuhan sa magkakapatid subalit hindi ito dapat humantong sa sigalutan. Totoong nagaganap sa kasalukuyan ang istorya at layunin nitong ipabatid ang mensahe ng magandang pagtitinginan ng magkakapatid.

2. Relasyong magkakapatid ang naging sentro ng istorya ng pelikula. Namatay ang anak ni Sharon nang ito'y ihabilin niya sa kapatid na si Judy Ann Santos. Isinisi niya sa kapatid ang pagkamatay ng anak.
3. Magkapatid
4. Ang sakit ng loob na nadarama ay ibinuhos niyang lahat sa kapatid. Hindi niya inisip ang magiging damdamin nito. Subalit nagkasundo rin silang dalawa at naging maligaya sapagkat nanumbalik ang dati nilang magandang pagsasamahan.
5. Maganda ang naging pagganap nina Sharon at Judy Ann. Hindi sila nagpahuli sa isa't isa. Kapwa mabigat ang papel na kanilang ginampanan.
6. Sapat ang liwanag at angkop ang kulay sa kapaligirang kinunan ng kamera. Lalong naging maramdamin ang konprontasyon ng magkapatid sa tulong ng musika.
7. Hindi kataka-takang naging maganda ang pelikula sapagkat idinirehe ito ng isang mahusay na direktor . . . walang iba kundi si Joel Lamangan. Nagawa niyang maging makatotohanan ang bawat eksena.

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

### 3. Subukin mo . . .

Panuto: Piliin at isulat ang tinutukoy ng bawat bilang.

1. Nabubuhay nito ang eksenang nakalulungkot, pag-iibigan, galit, takot at hinagpis. Ito kadalasan ang dahilan kung bakit naaapektuhan ang mga manonood ng pelikula.
2. Lubhang makabuluhan sa pelikula. Dapat na maging akma sa bawat eksena at di-dapat nahuhuli sa kilos, galaw, maging sa damdaming nais ipakahulugan sa bawat eksena.
3. Ang pangunahing kaisipang lumulutang o nangingibabaw sa kabuuan ng pelikula.
4. Ito ang kaugnayan ng mga pangyayari sa kuwento. Mahigit pa sa sunud-sunod na pagkaka-ayos na balangkas ng mga pangyayari.
5. Ang pinakahuling bahagi ng istorya ng isang kuwento o pelikula.

Pagpipilian:

kakintalan	tunog
wakas	banghay
musika	pamagat

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin ang susi sa pagwawasto sa iyong guro.

#### 4. Paunlarin mo . . .

Wasto ba ang lahat ng iyong naging kasagutan? Kung gayon, naging mabunga ang iyong pag-aaral.

Kung mayroon ka mang kamalian, muli mong balikan ang iyong mga naging kasagutan at pagbalik-aralan mo ito upang maunawaan kung bakit iyon ang tamang kasagutan.

Muli mong sagutin ang inihanda kong gawain upang mapalawak pang lalo ang iyong kaalaman.

Panuto: Hanapin sa Hanay B ang tinutukoy ng nasa Hanay A. Letra lamang ang isulat.

Hanay A	Hanay B
1. Ilaw, tunog, mikropono musika	A. Paksa
2. Papel na gagampanan	B. Mensahe
3. Iskrip ng pelikula	C. Karakter
4. Pagsisikap	D. Aspetong teknikal
5. "Lahat ay napagtatagumpayan kung matututong magsikap sa buhay."	E. Istorya

Iwasto ang iyong sagot. Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.



*Gaano ka na kahusay?*

Panuto: Isulat ang letrang W kung wasto ang pahayag na isinasaad sa bawat bilang at M kung mali.

1. Masasabing makatotohanan ang naging pagganap ng mga artista kung naipahayag nila ang emosyon, kilos at pagsasalita ng tauhang kanilang ginagampanan.
2. Mabisa ang isang pelikula kung iba't ibang mensahe ang nakuha ng manonood sa kanilang napanood.
3. Ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa kuwento ay nagpapatunay lamang na maayos ang pagkakabuo nito.
4. Mahalagang maging detalyado mula sa kaliit-liitang bagay ang lahat ng mga pangyayari upang maunawaan ng mga manonood ang takbo ng istorya.
5. Sa pamagat pa lamang ay magkakaroon ka na ng ideya kung ano ang paksa ng pelikula.



## *Susi sa Pagwawasto*

Anu-ano na ba ang Alam Mo?

1. 7
2. 1
3. 5
4. 4
5. 6
6. 3
7. 2

Anu-ano na ang mga Tiyak na Alam Mo?

1. B
2. C
3. A
4. D
5. E

Alamin mo . . .

1. E
2. D
3. C
4. B
5. F
6. A

Gawain 1

1. Tauhan
2. Disenyong pamproduksyon
3. Direksyon
4. Paglapat ng tunog
5. Paglapat ng musika
6. A

7. Editing

Gawain 2

1. B
2. D
3. B
4. C
5. A
6. A

8. A
9. B
10. A

Subukin Mo . . .

1. kasukdulan
2. tunggalian

3. wakes
4. tagpuan
5. paksa

Gawain 3

1. 2
2. 1
3. 3
4. 5
5. 4

Paunlarin mo . . .

1. 3
2. 1
3. 4
4. 5
5. 2

Gawain 4

1. 1
2. 6
3. 4
4. 3
5. 5

Lagumin Mo . . .

1. D
2. A
3. A
4. B
5. D
6. C
7. B

Aralin 2

Anu-ano na ang Alam Mo . . .

1. C
2. D
3. B
4. E
5. A

Alamin Mo . . .

- |  |                        |
|--|------------------------|
| <ol style="list-style-type: none"><li>1. sumulat ng iskrip</li><li>2. artistang magsisiganap</li><li>3. pamagat ng pelikula</li><li>4. prodyuser</li><li>5. direktor</li></ol> | } kahit di sunud-sunod |
|--|------------------------|

Gawain 1

1. 6
2. 3
3. 5
4. 2
5. 1

6. 4

Gawain 2

- A.
- |                 |               |
|-----------------|---------------|
| 1. pinagaganda  | 6. rin        |
| 2. Palulutangin | 7. Sarisari   |
| 3. ng           | 8. bigay-todo |
| 4. nang         | 9. ng         |
| 5. raw          | 10.ng         |
- B.
- |            |            |
|------------|------------|
| 1. C A D B | 4. A D B C |
| 2. B D A C | 5. A C D B |
| 3. D A B C |            |

Gawain 3

1. A
2. A
3. B
4. C
5. D
6. A
7. C

Gawain 4

### *C. Abakada Ina*

Itinatampok ng pelikulang ito ang isang inang lumaki at nagkaasawa nang di-marunong sumulat at bumasa subalit may sariling prinsipyo't paninindigan. Larawan siya ng isang taong masakap at may ambisyon sa buhay sa kabila ng kanyang kalagayan. Nagsikap siya upang matuto sa pamamagitan ng pagbabasa ng aklat at nang lumaon ay pumasok sa paaralan kasama ang anak na nag-aaral sa unang baitang. Dito niya natamo ang paghanga at pagdakila ng mga taong dati'y humahamak sa kanya.

Nagampanan nang buong husay ni Lorna Tolentino ang papel na kanyang ginampanan. Lutang na lutang ang galing sa kanyang pag-arte. Kawalang – muwang, pagmamahal sa mga anak, pag-aasikaso sa pamilya, pagkakaibigan . . iba't ibang emosyong matapat niyang nailarawan. Hindi rin pahuhuli si Ricky Davao sa pag-arte. Talagang kaingin mo ang kanyang karakter bilang isang aswang nakasandal lagi sa ina.

Sa direksyon ni Eddie Garcia, naging napakaganda ng kabuuan ng pelikula. Sinuring mabuti ang bawat kilos at pinag-aralan ang bawat anggulo kaya naman naging masinop ang pagkakaugnay ng mga pangyayari.

Tama lamang ang kulay na ginamit. Natural na natural ang dating. Hindi maputla at di naman napaka tingkad ng kulay.

Napapanahon ang pelikulang Abakada Ina. Maraming di-nakapag-aral at tumigil na sa pangarap na mabago at umunlad ang buhay. Sa pamamagitan ng pelikula ay tiyak na maraming nagising sa katotohanang sadyang mahalaga ang edukasyon.

Lagumin Mo . . .

### *D. Magkapatid*

Relasyong magkapatid ang naging sentro ng istorya ng pelikula. Namatay ang anak ni Sharon nang ito'y ihabilin niya sa kapatid na si Judy Ann Santos. Isinisi niya sa kapatid ang pagkamatay ng anak. Ang sakit ng loob na nadarama ay ibinuhos niyang lahat sa kapatid. Hindi niya inisip ang magiging damdamin nito. Subalit nagkasundo rin silang dalawa at naging maligaya sapagkat nanumbalik ang dati nilang magandang pagsasamahan.

Maganda ang naging pagganap nina Sharon at Judy Ann. Hindi sila nagpahuli sa isa't isa. Kapwa mabigat ang papel na kanilang ginampanan.

Hindi kataka-takang naging maganda ang pelikula sapagkat idinirehe ito ng isang mahusay na direktor . . . walang iba kundi si Joel Lamangan. Nagawa niyang maging makatotohanan ang bawat eksena.

Sapat ang liwanag at angkop ang kulay sa kapaligirang kinunan ng kamera. Lalong naging madamdamin ang komprontasyon ng magkapatid sa tulong ng musika.

Hindi maiwasan ang pagtatampuhan sa magkakapatid subalit hindi ito dapat humantong sa sigalutan. Totoong nagaganap sa kasalukuyan ang istorya at layunin nitong ipabatid ang mensahe ng magandang pagtitinginan ng magkakapatid.

Subukin Mo . . .

1. musika
2. tunog
3. kakintalan
4. banghay
5. wakas

Paunlarin Mo . . .

1. D
2. C
3. E
4. A
5. B

Gaano ka na Kahusay ?

1. W
2. M

3. W
4. M
5. W

Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyon					
		Pagsasalita	Pagbasa	Pagsulat	Pamagat
Modyul 11	Nabibigyang-puna ang isang tiyak na modelo	Natutukoy ang mga tiyak na impor-masyong kinakailangan sa pagsulat ng isang suring-pelikula	Nakapaghahanay-hanay ng mahahalagang mga impormasyon	Nagagamit nang wasto ang mga hakbang sa pagbuo ng suring-pelikula.	Pagsulat ng isang Suring-Pelikula.
	Natutukoy at nagagamit ang kaalamang gramatikal sa wastong baybay at pagbuo ng mabisang pangungusap	Naisasagawa ang pagsulat ng isang suring-pelikula sa tulong ng kaalaman sa wastong nilalaman	Nahahango ang mahahalagang impormasyon sa pelikulang binasa	Nakasusulat ng isang malyos at mabisang suring-pelikula	